

Lungsod at County ng San Francisco



MGA MUNGKAHING STRATEHIYA
para sa
2020-2024 Pinagsamang Plano
(Consolidated Plan)

Para sa Pagrerepaso ng Publiko sa Pagitan ng
Hulyo 29, 2019 at Agosto 19, 2019

Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Mayor's Office of Housing and Community Development)

Opisina para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development, OEWD)

Departamento para sa Kawalan ng Tahanan at Pabahay na may Kasamang Suporta sa Dating Walang Tahanan (Department of Homelessness and Supportive Services, HSH)

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

Introduksiyon

Bilang pagsuporta sa pagbuo ng 2020-2014 Pinagsamang Plano (Consolidated Plan), Pagsusuri sa mga Hadlang sa Pagpili Tungo sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing Choice), at Plano para sa Pabahay ng mga may HIV (HIV Housing Plan), lumahok ang Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Mayor's Office of Housing and Community Development, MOHCD) sa proseso ng pag-abot sa nakararami o pag-a-outreach at pagpapalahok sa kabuuan ng komunidad, kung saan kasama ang mga may nakatayang interes o stakeholders at mga residente ng San Francisco. Nagsisilbi ang prosesong ito bilang balangkas upang matukoy ang mga prayoridad sa pabahay at pagpapaunlad sa komunidad, at kasunod nito, maisulong ang mga layunin at stratehiya na naisa-isa-isa na sa mga pinal na plano. Sa huli, gagamitin ng MOHCD ang mga opinyon at prayoridad ng komunidad, at nang mabigyan ng impormasyon ang paggawa ng desisyon sa pagpopondo ng mga serbisyo para sa komunidad at pabahay.

Kasama sa dokumentong ito ang mga mungkahing stratehiya para sa 2020-2024 Pinagsamang Plano (Consolidated Plan). Makukuha ang mga mungkahing stratehiya para sa Pagsusuri sa mga Hadlang sa Makatarungang Pagpili ng Pabahay (Analysis of Impediments to Fair Housing Choice) at nang marepaso ito at mabigyan ng komento ng publiko sa huling bahagi ng Summer (Tag-araw)/maagang bahagi ng Fall (Taglagas) ng taong ito. Binubuo ang mga stratehiya para sa Planong Pabahay para sa mga may HIV (HIV Housing Plan) sa pamamagitan ng aming Pangkat para sa Pagtatrabaho para sa Pabahay ng May HIV (HIV Housing Workgroup), kaya't mangyaring ipagbigay-alam sa amin kung gusto ninyong makatrabaho ang grupong iyon.

Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Dokumentong

Sinusundan ng dokumentong ito ang pagkakabuo at pagpapaunlad sa teorya ng pagbabago ng MOHCD/OEWD/HSH, kung saan may kasamang pahayag tungkol sa pinakadulong gustong maging epekto sa mga programa at polisiya.

“Masisigla at malulusog na komunidad sa kabuuan ng San Francisco, kung saan may katarungan sa pagkakapantay-pantay sa mga oportunidad upang magkaroon ng sapat na kakayahang maitaguyod ang sarili. (Vibrant and healthy communities across San Francisco with equitable opportunity for self-sufficiency.)”

Upang matamo ang epektong ito, lumikha ng limang layunin na matataas ang antas, na nakalista sa dokumentong ito. Para sa bawat layunin, nagkakaloob ng listahan ng kaugnay na mga pangangailangan na may prayoridad, na nakuha mula sa proseso ng pagpapalahok sa komunidad. May kasunod na listahan ng mga tunguhin o goal ang bawat pangangailangan na may prayoridad. Panghuli, may ipinagkakaloob na mga espesipikong mungkahing gawain para sa bawat tunguhin.

Pakitandaan na binibigyang-kahulugan ang mga nakasalungguhit na termino sa glossary (talasalitaan) na nasa dulo ng dokumentong ito.

Pagrerepaso at Pagbibigay ng Komento

Puwedeng makuha ang dokumentong ito para sa pagrerepaso at pagbibigay ng komento ng publiko sa pagitan ng Hulyo 29, 2019 at ng Agosto 19, 2019. Puwede ninyong repasuhin ang on-line na bersiyon o repasuhin ang papel na kopya ng borador (draft) ng dokumento sa mga sumusunod na lugar:

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- MOHCD, 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor;
- OEWD sa City Hall, Room 448, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place at 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor; at
- Main Branch ng SF SF Public Library, 100 Larkin Street, 5th Floor, Government Information Center

Ikinalulugod ng mga kawani na matanggap ang inyong mga nakasulat na komento. Puwedeng madirekta ang mga ito sa: MOHCD, Strategic Planning Staff, 1 South Van Ness Avenue, 5th Floor, San Francisco, CA 94103. Idirekta ang inyong komento sa naaangkop na larangan. Sa inyong komento, mangyaring maging espesipiko tungkol sa inyong problema at banggitin ang espesipikong tunguhin o gawain, kung naaangkop.

Imbitado rin ang publiko na magbigay ng komento sa mga stratehiyang nasa draft sa pampublikong miting sa Lunes, Agosto 5, 2019, nang 6:00 p.m. Isasagawa ang miting sa HSA Born Auditorium, na nasa 170 Otis Street, San Francisco, CA 94103.

Salamat po sa paglahok sa prosesong ito. Para sa iba pang impormasyon, pakibisita ang <https://sfmohcd.org/plans-development> o tumawag sa 415-701-5500.

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

LAYUNIN 1: NABIGBIGYAN NG MATATAG O HINDI NAGBABAGO-BAGONG PABAHAY ANG MGA PAMILYA AT INDIBIDWAL

Pangangailangang May Prayoridad 1A: Mag-develop at panatilihin sa maayos na kondisyon ang accessible (may mga mapapasukan at madaraan ang lahat, kasama na ang may kapansanan) at abot-kayang pabahay

Tunguhin 1A: Lumikha ng mas maraming abot-kayang pabahay

Mga gawain:

- Magsiyasat tungkol sa mga bagong mekanismo sa pagpipinansiya upang makalikha ng mas maraming abot-kayang pabahay
- Bumili ng mga gusaling pag-aari ng pribadong sektor, upang makalikha ng mga bagong unit na abot-kaya
- Tiyakin na may pagkakaiba-ibang heyograpiko sa kinaroroonang lugar ng abot-kayang pabahay, lalo na sa mga komunidad kung saan maraming oportunidad
- Paghusayin ang pakikipagkoordinasyon sa Departamento para sa Pagpapalano (Planning Department), Departamento para sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali (Department of Building Inspection), at Opisina ng Mayor Ukol sa mga Kapansanan (Mayor's Office on Disability) kaugnay ng pabahay at mga proseso ng pagbibigay ng permit, at nang mapabilis ang produksiyon ng pabahay
- Patuloy na ipatupad ang mga bahagi ukol sa abot-kayang pabahay ng HOPE SF
- Subaybayan ang pagde-develop ng mga unit na may presyong mas mababa kaysa sa presyo sa merkado (below market rate) sa mga proyekto na may Kasunduan sa Pagdedevelop (Development Agreements) o nasasaklaw ng Programa para sa Pabahay na Bukas sa Lahat (Inclusionary Housing Program)
- Repasuhin at gawan ng ebalwasyon ang datos ukol sa aplikante at nakatira (occupant) mula sa Inclusionary Housing Program nang tuloy-tuloy at nang mabigyan nito ng impormasyon ang mga polisiya at patakaran sa pabahay.
- Siyasatin ang dumaraming bilang ng itinatakhang ADA na unit ng Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD) na nasa pabahay na suportado ng MOHCD
- Damihan pa ang pabahay na nakatuon lamang sa pagsuporta sa mga kabahayang HIV+
 - Magsiyasat ng malikhaing mga lapit sa pagpaparami ng suplay sa pabahay
 - Paghusayin pa ang pag-akses o pamamaraang makakuha ng Programang Plus Housing para sa mga unit na HOPWA
- Damihan pa ang mga oportunidad sa pabahay para sa mga taong homeless (walang tahanan) o dating homeless.

Tunguhin 1Aii: Panatilihin ang abot-kayang pabahay

Mga gawain:

- Bumili ng pabahay na may panganib na hindi na maging abot-kaya
- Gawan ng rehabilitasyon ang nariyan nang pabahay upang mapanatili ang pagiging abot-kaya ng mga ito
- Makipagnegosasyon para sa pagpapahaba ng panahon ng mga restriksiyon para sa nariyan nang abot-kayang pabahay

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Maghanap ng malilikhaing paraan upang magamit ang kapital upang mapreserba ang abot-kayang pabahay, kasama na ang mga mapagkukunan mula sa iba pang departamento ng Lungsod.
- Patuloy na gamitin ang RAD upang magawan ng rehabilitasyon at mapreserba ang pabahay na may subsidyo mula sa pederal na gobyerno
- Patuloy na suportahan ang mga programa para mabawasan ang panganib sa tingga (lead hazard reduction program)
- Patuloy na suportahan ang mga programa para sa paggawa ng mga pagbabago sa tahanan (home modification program) na napakikinapangan ng mga may-ari ng tahanan na mababa ang kita, at kung saan nagkakaroon ng higit na kaligtasan, pag-akses o pamamaraang makagamit, at mas magandang kalusugan, pati na rin ng pag-akses sa enerhiyang mula sa araw (solar power)
- Magsiyasat ng mga paraan upang matulungan ang mga may-ari ng tahanan na may naipagpalibang pagpapanatili sa ari-arian sa maayos na kondisyon
- Patuloy na subaybayan ang mga may-ari ng tahanan at may-ari ng gusali sa pagsunod ng mga ito sa mga itinatakda sa pagpoprograma.
- Paghusayin ang koordinasyon sa pagitan ng mga ahensiya ng Lungsod at non-profit na nagkakaloob ng mga serbisyo matapos ang pagbili/preserbasyon

Tunguhin 1Aiii: Paghusayin pa ang datos at pagsusuri ukol sa imbentaryo ng abot-kayang pabahay at pagbibigay ng puwesto

Mga gawain:

- Lumikha ng mas mahuhusay na kagamitan upang masubaybayan ang imbentaryo ng pabahay na itinataguyod ng MOHCD at ang pagbibigay ng puwesto sa mga ito
- Patuloy na buuin at pinuhin pa ang DAHLIA (Database of Affordable Housing Listings, Information and Application o Imbakan ng Datos Tungkol sa mga Listahan, Impormasyon at Aplikasyon para sa Abot-kayang Pabahay) at kakayahan ng Salesforce na masubaybayan ang pangangailangan para sa abot-kayang pabahay, kasama na ang pinahusay pang web analytics (pangongolekta at pagsusuri ng datos ng internet)
- Makipag-partner sa iba pang hurisdiksiyon ng DAHLIA ukol sa bahaginan ng pinagsamang datos (aggregated data sharing), upang higit na maintindihan ang mga hirap sa San Francisco

Pangangailangang May Prayoridad 1B: Gawing mas abot-kaya ang pabahay

Tunguhin 1Bi: Bawasan ang mga gastusin sa development upang makatulong sa pagamit ng mga lokal na rekurso sa pabahay, at nang mapagsilbihan ang mga kabahayan na mas mababa ang kita

Mga gawain:

- Maghanap ng mga alternatibong uri at pamamaraan ng konstruksiyon upang mabawasan ang gastusin sa development, tulad ng modular na konstruksiyon
- Gumamit ng libre o murang lupa tulad ng pampublikong lupa para sa development.
- Maghanap ng bagong mapagkukunan ng pondo sa lokal at pang-estadong gobyerno
- Makipagtrabaho sa mga ahensiya ng estado at pederal na gobyerno upang makakuha ng lupa na nakatuon sa abot-kayang pabahay, kasama na ang pabahay para sa mga taong homeless

Tunguhin 1Bii: Higitan pa ang pagiging abot-kaya ng pabahay na pinauupahan

Mga gawain:

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Patuloy na suportahan ang pangmatagalang subsidyo sa pag-upa at siyasatin ang pagpapalawak ng mga subsidyo para sa mga residenteng mababa ang kita, at nang hindi maging pabago-bago ang kanilang pabahay
 - Ipaglaban ang pagkakaroon, at maghanap, ng mga mapagkukunan ng subsidyo sa pag-upa mula sa Estado at Pederal na Gobyerno
- Patuloy na magbigay ng Programa para sa mga Lokal na Ipinatutupad na Subsidyo (Local Operating Subsidy Program)
- Palawakin ang saklaw ng AMI para sa piling mga proyekto, na magpopondo ng mas maraming pabahay para sa mga kabahayang mas mababa ang kita
- Magpasimula ng mga bagong programa sa subsidyo sa pag-upa, na para sa mga populasyong mas hindi nakakukuha ng mga serbisyo.
- Dagdagan ang mga subsidyo at voucher sa pabahay para sa mga kabahayang HIV+
- Dagdagan ang mga subsidyo at voucher sa pabahay para sa mga kabahayang homeless (walang tahanan) at iba pang vulnerable o higit na may pangangailangang populasyon

Tunguhin 1Biii: Dagdagan ang mga oportunidad para sa napananantiling pagmamay-ari ng tahanan

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan ang edukasyon para sa bumibili ng tahanan at pagpapayo matapos ang pagbili, at gumawa ng mga hakbang upang mapahusay ang kalidad at standardisasyon ng mga ito.
- Patuloy na magkaloob ng inclusionary (pabahay na bukas sa lahat o para sa mababa ang kita) na oportunidad sa pagmamay-ari para sa mga kabahayang mababa at katamtaman ang kita.
- Paghusayin pa ang kakayahang makakilos para sa mga kabahayang lumalaki ang pagmamay-ari
 - Siyasatin ang pagpapahintulot sa mga may-ari ng inclusionary na pabahay na bumili ng ikalawang unit (at ibenta ang naunang unit)
- Gawan ng ebalwasyon ang presyo sa muling pagbebenta ng inclusionary na pabahay, at nang matiyak ang pagiging abot-kaya nito sa hinaharap
- Siyasatin ang mga opsiyon upang matulungan ang mga may-ari ng bahay na may hindi abot-kayang HOA na bayarin at gastos sa rehabilitasyon
- Patuloy na maghanap ng mga oportunidad sa pagpopondo para sa DALP, na para sa mga kabahayang mas matataas ang kita, kasama na ang mga first responder (unang tumutugon) at edukador
- Patuloy na suportahan ang programang Programa na Sertipiko para sa Pagbabawas sa Buwis Batay sa Utang sa Bahay (Mortgage Credit Certificate).
- Magsiyasat ng mga stratehiya upang magkaroon ng higit na partisipasyon ang mga nagpapautang (lender) sa mga programa para sa pagmamay-ari ng bahay
- Patuloy na gawing mas simple ang mga gawaing pantransaksiyon sa real-estate o ari-arian ng MOHCD sa pamamagitan ng sistemang DAHLIA.

Tunguhin 1Biv: Magkaroon ng mas maraming pamamaraan upang makakuha ng mauupahan at magmay-ari ng bahay

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan ang mga serbisyo sa pagpapayo tungkol sa pinauupahang pabahay, at nang matulungan ang mga residente sa mga dapat gawin, at magkaroon ng equitable o may katarungan sa pagkakapantay-pantay na pag-akses sa mga programa sa abot-kayang pabahay ng Lungsod.

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Magsama ng pagpapayo tungkol sa pabahay sa mga taong may HIV+, at nang masuportahan ang mga hamon sa mga dapat gawin at pagkakaroon ng puwesto sa pabahay
- Magsama ng pagpapayo tungkol sa pabahay sa mga kabahayang dating homeless, at sa iba pang bulnerableng populasyon, at nang masuportahan ang mga hamon sa mga dapat gawin at pagkakaroon ng puwesto sa pabahay
- Magkaloob ng karagdagang suporta/pagbubuo ng kakayahan sa mga tagabigay ng serbisyo, at nang matugunan ang mas lumalaking pangangailangan
- Patuloy na paghusayin pa at panatiliing maayos ang DAHLIA
 - Magdagdag na iba pang gamit, at iba pang programa at mapagkukunan ng tulong at impormasyon
 - Magdagdag na impormasyon para sa iba pang abot-kayang pabahay ng San Francisco, kasama na ang pabahay na hindi pinopondohan ng MOHCD
 - Palawakin ang pag-a-outreach o pag-abot sa nakararami upang makasama ang mga sentrong pangkomunidad, kasama na ang mga napupuntahan ng mga nagtatrabaho, pampublikong aklatan, at iba pa
- Dagdagan pa ng kamalayan tungkol sa makukuhang mga rekurso sa pabahay
 - Gumawa ng mas maraming pag-abot sa mas maliliit na grupo, lalo na ang ilang piling pangkat ng mga tao.
- Patuloy na suportahan ang mga developer at property manager (tagapamahala ng gusali o ari-arian), upang makalikha ng mga inclusionary (pabahay na bukas sa lahat) na oportunidad sa mga pinauupahang unit
- Gawin ng ebalwasyon ang mga programa para sa pagbibigay ng preperensiya sa lottery o palabunutan sa pabahay, at nang matiyak na natutugunan ng mga ito ang layuning kalalabasan
- Patuloy na subaybayan ang lottery/lease up (panahon hanggang sa makakuha ang bagong paupahan ng sapat na uupa), at nang matiyak na naaabot ng mga programa sa pabahay ang layuning mga benipisyaryo ng mga ito
 - Tiyakin na napupunta ang mga unit na ADA sa tamang tao

Pangangailangang May Prayoridad 1C: Pigilan at bawasan ang kawalan ng tahanan

Tunguhin 1Ci: Paghusayin pa ang mga sistema upang matulungan ang bawat tao na makahanap ng tamang landas tungo sa permanenteng pabahay

Mga gawain:

- Ipatupad ang mga sistemang may koordinasyon para sa mga nasa sapat na gulang, pamilyang may mga anak, at kabataan
- Ipatupad ang pagpapanagot sa pagganap ng trabaho sa kabuuan ng lahat ng programa at sistema

Tunguhin 1Cii: Bawasan ang kawalan ng tahanan para sa mga nasa sapat na gulang, kabataan, at pamilya

Mga gawain:

- Lumikha ng mga gawain para maiwasan ang kawalan ng tahanan at malutas ang mga problema (dibersiyon), na nakatuon sa mga taong may kasaysayan ng pagiging homeless, at mga taong palabas ng mga karaniwang institusyon tungo sa pagiging homeless

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Lumikha ng bago at permanenteng unit sa supportive housing (pabahay na may kasamang mga serbisyo para sa dating walang tahanan o may kapansanan), para sa mga nasa sapat na gulang, kabataan, at pamilya

Tunguhin 1Ciii: Tiyakin na walang mga pamilyang may mga anak ang walang masilungan

Mga gawain:

- Tukuyin ang mga pamilyang walang masilungan sa pamamagitan ng naka-target na pag-a-outreach o pag-abot sa nakararami
- Mag-alok ng pagbibigay ng puwesto sa shelter sa lahat ng pamilyang walang masilungan
- Magkaroon ng mas maraming paraan para makakuha ng kama sa shelter na naglilingkod sa mga pamilya

Tunguhin 1Civ: Paghusayin pa ang tugon ng Lungsod sa kawalan ng tahanan ng mga nakatira sa kalye, at wakasan na ang malalaki at pangmatagalang kampuhan

Mga gawain:

- Magsagawa ng pagbilang tuwing ikatlong buwan (quarterly) ng kampuhan ng mga tent at sasakyan
- Magkaloob ng nakatarget na pag-a-outreach sa malalaking kampuhan
- Ilagay ang mga tao sa mga low barrier shelter (tumatanggap sa lahat, ano man ang kondisyon, at may kasama mang alagang hayop)
- Magsagawa ng pagtatasa (assessment) at pagbibigay ng prayoridad sa pabahay, gamit ang mga mobile outreach team (pangkat na direktang pumupunta sa kalye at kampuhan para magbigay ng serbisyo sa nakararami)

Tunguhin 1Cv: Higit na iayon ang trabaho ng MOHCD sa Departamento para sa Kawalan ng Tahanan at Pabahay na may Kasamang Suporta sa Dating Walang Tahanan (Department of Homelessness and Supportive Housing)

Mga gawain:

- Ipagpatuloy at paghusayin pa ang produksiyon at lease-up (panahon hanggang sa makakuha ang bagong paupahan ng sapat na uupa) ng permanenteng supportive housing (pabahay na may kasamang serbisyo), kasama na ang koordinasyon ng pagli-lease up ng mga unit ng supportive housing sa Coordinated Entry (proseso kung saan tinitiyak na agad na natutulungan at nakokonekta ang mga taong humaharap sa krisis sa tirahan)
- Higit na koordinasyon sa pagbibigay ng puwesto sa HOPWA, RAD, PBV, at iba pang unit na supportive housing.
- Lumikha ng ugnayan sa pagitan ng DAHLIA at Coordinated Entry

Tunguhin 1Cvi: Palawakin ang mga serbisyo upang maiwasan ang kawalan ng tahanan at gawing matatag ang pabahay para sa mga kabahayang dating walang tahanan at may panganib na mawalan ng tahanan

Mga gawain:

- Magkaloob ng mga serbisyo on-site (sa lugar mismo), na may klinikal na suporta, sa loob ng mga gusali para sa supportive housing

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Makipag-partner sa iba upang magkaloob ng mga naka-target na serbisyo sa vulnerable o higit na nangangailangang na mga kliyente, at nang makagamit sila ng sistema para sa pagtugon sa kawalan ng tahanan
- Bigyan ng prayoridad ang mga kabahayang may kasaysayan ng pagiging homeless o ng paggamit ng shelter, sa pagkakaroon ng mga rekurso para maiwasan ang kawalan ng tahanan

Pangangailangang May Prayoridad 1D: Magkaloob ng mga serbisyo upang mapanatili ang pagiging matatag ng pabahay

Tunguhin 1Di: Bawasan ang porsiyento ng mga pagpapaalis sa tirahan (eviction)

Mga gawain:

- Sa ilalim ng inisyatibang Karapatan ng Umuupa na Magkaroon ng Abugado (Tenant Right to Counsel), palawakin pa ang suporta upang buong masaklaw ang legal na representasyon para sa mga residenteng humaharap ng pagpapaalis sa tirahan
- Patuloy na suportahan ang pagpapayo sa mga tenant (umuupa), pag-abot sa nakararami at edukasyon, pamamagitan (mediation), pamamahala ng kaso para sa pagiging matatag ng pabahay, at mga pangmaiksing panahon na gawain ng pagtulong sa upa
- Palawakin pa ang pangmatagalang mga programa ng subsidyo sa upa (rental subsidy)
- Patuloy na palahukin ang mga may interes o stakeholder sa komunidad tungo sa mga stratehiya upang madepensahan ang pagpapaalis sa tirahan, at sa gayon, lalo pang maging epektibo

Tunguhin 1Dii: Damihan pa ang paraan para makakuha ng serbisyo ang mga residente ng pampublikong pabahay at pabahay na may pampublikong subsidyo, proyektong RAD, at single-room occupancy hotel (mga paupahang kuwarto sa isang gusali)

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan at paunlarin pa ang mas komprehensibong pagpapatuloy ng mga serbisyo, kasama na ang mas mahusay na pagbibigay ng impormasyon at rekomendasyon, pagkonekta ng mga serbisyo, at pamamahala/koordinasyon ng kaso para sa mga residente ng HOPE SF at RAD
- Siyasatin ang pagpapalawak ng mga serbisyo sa mga residente ng mga single room occupancy hotel
- Ipagsama ang pagkonekta ng mga serbisyo at mga stratehiya upang mapaghusay ang kakayahan, at nang makapagbigay ng mas komprehensibong serbisyo, kung saan higit na nagkakaroon ng pang-ekonomiyang kakayahan ang mga kliyente upang maitaguyod ang sarili
- Ilagay on-site (sa lugar mismo), sa mga proyektong HOPE SF at RAD ang mahahalagang serbisyo, tulad ng pagpapayo sa tenant at pag-iwas sa pagpapaalis, serbisyo para sa mga legal na usapin, pinansiyal na edukasyon, at pagpapayo
- Patuloy na suportahan ang mga programa para sa pagpapalakas sa komunidad at pagpapaunlad sa pamumuno ng mga residente

Tunguhin 1Diii: Magkaloob ng suporta para sa iba pang residente ng abot-kayang pabahay, at nang matiyak ang tagumpay ng pagbibigay ng puwesto sa kanila para sa pabahay

Mga gawain:

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Gumawa ng welcome packet (pakete para sa pagbati sa bagong dating), na ipamamahagi sa mga bagong residente ng abot-kayang pabahay, at siyasatin ang pagkonekta ng mga serbisyong panlipunan sa mga residente
- Makipagtrabaho sa mga departamento ng Lungsod para siyasatin kung paano hgiit pang magkakaroon ng katatagan sa pabahay sa pamamagitan ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isip at pagtugon sa pang-aabuso sa drogo, alak, at iba pang sangkap
- Pabilisin ang koneksiyon sa mga serbisyo para sa pamamagitan (mediation) kung kinakailangan
- Itakda ang pagkakaroon ng mga abiso ukol sa mga serbisyo sa mga tenant o umuupa, kapag pinapaalis ang mga tenant mula sa pabahay na itinataguyod ng MOHCD
- Magkaloob ng dagdag na serbisyo sa pabahay, ayon sa itinatakda, para sa kasalukuyang mga unit na HOPWA, at iyong mga nasa development (ginagawa pa lamang)

Tunguhin 1Div: Gawing higit na mabilis ang paglipat sa pagitan ng mga lebel ng pabahay para sa mga kabahayang HIV+

Mga gawain:

- Tiyakin ang pagtatasa ng kakayahan ng tenant na independiyenteng makapamuhay, at nang makalipat sa mas naaangkop na pabahay

LAYUNIN 2: MATATATAG AT MAY SAPAT NANG KAKAYAHANG PANG-EKONOMIYA ANG MGA PAMILYA AT INDIBIDWAL, UPANG MAITAGUYOD ANG SARILI

Pangangailangang May Prayoridad 2A: Itaguyod ang pagpapaunlad sa mga nagtatrabao

Tunguhin 2Ai: Magkaloob ng pamamaraan upang makakuha ng mga oportunidad sa pagtatrabaho sa iba't ibang sektor ang mga populasyong bulnerable o higit na may pangangailangan

Mga gawain:

- Magkaloob sa mga bulnerableng populasyon ng mga serbisyo para sa nagtatrabaho (workforce services), at nang maihanda sila para sa mga oportunidad para sa pagtatrabaho
- Nagtatrabaho nang may kolaborasyon ang MOHCD at ang Opisina para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development, OEWD) upang mabigyan ng trabaho ang mga residente sa kani-kanilang komunidad
 - Palawakin pa ang pagta-target ng Local Hire (polisiya ukol sa pag-eempleyo sa mga lokal na manggagawa), upang mabigyan ng prayoridad ang mga residente ng gusali o property para sa mga trabaho sa konstruksiyon, at siyasatin ang Local Hire para sa mga trabaho sa property management (pamamahala sa gusali o ari-arian).
 - Hikayatin ang mga developer na palawakin pa ang mga oportunidad sa trabaho sa kanilang mga development
 - Magkaloob ng mga link sa mga oportunidad sa trabaho sa komunidad sa DAHLIA
 - I-advertise ang pagpaparehistro para sa mga listahan ng mga trabaho sa website ng MOHCD.

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

Pangangailangang May Prayoridad 2B: Palawakin ang mga oportunidad sa pamamagitan ng mas mahusay na language access (tulong sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika) at pagpapaunlad ng batayang mga kakayahan

Tunguhin 2Bi: Higit pang magkaroon ng paraang makagamit ng mga programa at serbisyo ng MOHCD sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga rekurso o mapagkukunan ng tulong at impormasyon na nasa papel at nasa digital na anyo

Mga gawain:

- Higit pang magkaroon ng tulong sa wika para sa lahat ng programa at serbisyo ng MOHCD, workshop o palihan na pangkomunidad at mga miting
- Bumuo ng detalyadong gabay sa makukuhang tulong at impormasyon, kung saan nakalista ang mga programa at serbisyo sa pamamagitan ng wika kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo, at panatiliing maayos ang gabay na ito
- Siyasin kung paano mas madaling magagamit ang DAHLIA ng mas maraming populasyon sa pamamagitan ng pagsasalin nito sa mas maraming wika

Tunguhin 2Bii: Magkaloob ng mga rekurso para sa pagpapahusay ng mga kakayahan at mga pagsasanay

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan at pabutihin pa ang mga programa para sa pagpapahusay ng mga kakayahan, sa mga larangang tulad ng kakayahan sa buhay (life skills), programa para sa GED at diploma, at Ingles Bilang Pangalawang Wika (English as a Second Language)
- Ituon ang pagpoprograma para sa pagpapahusay ng kakayahan upang makalikha ng malinaw na madaraan tungo sa mas abanteng pagsasanay
- Ipagsama ang pagkonekta ng mga serbisyo at mga stratehiya sa pagpapaunlad ng mga kakayahan, at nang makapbigay ng mas komprehensibong mga serbisyo

Tunguhin 2Biii: Paghusayin pa ang kaalaman ukol sa pinansiya at personal na pamamahala sa pinansiya

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan ang ang pagpapayo at edukasyon ukol sa pinansiya, pagkakaroon at pagpapatatag ng mga pag-aari at credit, pagbabawas sa utang, pamamaraang makapagbangko, at mga serbisyo sa pagpapayo ukol sa credit at pag-aayos ng credit
- Mas malaking pamumuhan sa mas masinsing mga serbisyo upang higit na magkaroon ng pinansiyal na kakayahan ang mga kliyente, at patuloy na indi-indibidwal na serbisyo sa paggabay, na humahantong sa pangmatagalan na pang-ekonomiyang pag-unlad
- Paghikayat sa pagkakaroon ng mga serbisyong pinansiyal sa kinaroroonan mismo ng mga pabahay at sa mga organisasyong naka-base sa komunidad

Tunguhin 2Biv: Pagpapahusay sa digital literacy o kaalaman sa paggamit ng teknolohiya para sa impormasyon at komunikasyon

Mga gawain:

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Magkaloob ng mga pagsasanay sa batayan, panggitna at abanteng kakayahan sa paggamit sa teknolohiya para sa impormasyon at komunikasyon, sa pamamagitan ng mga workshop o palihan, at oras na puwedeng komunsulta (drop-in hours), at bago at inobatibong mga modelo sa paghahatid ng teknolohiya, at naka-base sa komunidad na proyekto sa digital literacy
- Magbigay ng refurbishment (pagseserbisyo o pagsasaayos ng lumang kagamitan) at pamamahagi ng mga computer at iba pang kagamitan sa mga kabahayang mababa ang kita
- Makipagtrabaho sa mga lugar kung saan nagtitipon-tipon ang komunidad, kasama na ang mga aklatan at sentrong pangkomunidad upang magamit ang kanilang mga libreng computer, at sa gayon mapalawak ang kaalaman sa paggamit sa teknolohiyang digital ng mga benipisyaryo ng serbisyong pinopondohan ng MOHCD
- Suportahan ang mga programang nagkaloob ng digital na paggamit, at tumulong sa kaalaman sa teknolohiyang digital para sa mga residente at lugar ng abot-kayang pabahay
- Suportahan ang pagkakaroon ng internet ng mga residente ng SRO
- Gawing mas mahusay pa ang kakayahan sa teknolohiya ng mga organisasyong naka-base sa komunidad (community-based organizations, CBO), upang mabigyang-lakas ang mga kawani ng CBO na pamunuan ang mga pagsasanay at serbisyo kaugnay ng paggamit ng teknolohiya

Pangangailangang May Prayoridad 2C: Magkaloob ng pamamaraang makakuha ng serbisyo para sa mga usapin sa batas na pangmamamayan (civil legal services) para sa imigrasyon at iba pang napakahahalagang usapin

Tunguhin 2Ci: Magkaroon ng higit na pamamaraan para makakuha ng civil legal service mga serbisyo para sa mga usapin sa batas na pangmamamayan

Mga gawain:

- Patuloy na magkaloob ng suporta para sa serbisyo sa mga legal na usapin kaugnay ng imigrasyon
- Patuoy na sumuporta at lumikha pa ng mga stratehiya upang magkaroon ng higit na naka-target na pondo at serbisyo sa mga larangan ng batas sibil, kasama na ang pag-eempleyo, pamilya, mamimili o konsumer, mga benepisyo, at kapansanan

Pangangailangang May Prayoridad 2D: Tulungan ang mga kabahayan na makakonekta sa mga serbisyo

Tunguhin 2Di: Magkaroon ng higit na pamamaraan para makakuha ng mga serbisyo na naka-base sa komunidad

Mga gawain:

- Patuloy na sumuporta at lumikha ng mas komprehensibong pagpapatuloy ng mga serbisyo, kasama na ang pinahusay pang impormasyon at pagbibigay ng rekomendasyon, pagkonekta sa serbisyo, at pamamahala/koordinasyon ng mga kaso
- Ipagsama ang pagkonekta ng mga serbisyo at mga stratehiya sa pagpapaunlad ng mga kakayahan, at nang makapagbigay ng mas komprehensibong mga serbisyo
- Suportahan ang mga inobatibong stratehiya para sa higit na pag-abot sa nakakarami sa komunidad

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

LAYUNIN 3: PAGKAKARON ANG MGA KOMUNIDAD NG MALUSOG NA IMPRASTRUKTURANG PISIKAL, PANLIPUNAN, AT PANGNEGOSYO

Pangangailangang May Prayoridad 3A: Pagandahin pa ang mga pasilidad at espasyo ng komunidad

Tunguhin 3Ai: Tiyakin na may mga pasilidad na mataas ang kalidad at matatag ang nonprofit na tagabigay ng serbisyo

Mga gawain:

- Patuloy na magkaloob ng suporta para sa capital improvement (permanenteng istruktural na pagbabago o pagpapanumbalik ng ari-arian na posibleng makapagdagdag sa halaga nito) para sa mga pasilidad ng komunidad na nagkaloob ng mahahalagang pampublikong serbisyo
- Padaliin pa ang pagbubuo ng mga pagtatasa o assessment ng mga pangangailangan ng mga gusali, at nang matiyak ang pangmatagalang pagpapanatili sa mga pasilidad ng komunidad sa maayos na kondisyon
- Magkaloob ng suporta upang matugunan ang mga pangangailangan sa disenyo, at sa gayon, lubusang magamit ang mga pasilidad
- Magkaloob ng suporta sa mga organisasyon upang makakuha sila at/o matukoy nila ang mga oportunidad sa pag-upa, at nang manatili sila sa mga komunidad at higit na makapaglingkod

Tunguhin 3Aii: Pagandahin pa ang mga pampublikong espasyo

Mga gawain:

- Lumikha at paghusayin pa ang amenities o mga nagugustuhan o malaki ang gamit na katangian ng komunidad, at nang makapaglingkod sa mga residenteng mababa ang kita

Pangangailangang May Prayoridad 3B: Palakasin ang maliliit na negosyo at komersiyal na lugar

Tunguhin 3Bi: Hikayatin ang pagpapaunlad at pagpapanatili sa masisiglang negosyong pagmamay-ari ng mga lokal na negosyante

- Patuloy na magkaloob sa mga nagsisimula at nariyan nang negosyo ng teknikal na tulong na pangnegosyo sa pamamagitan ng mga ka-partner sa komunidad, kung saan naka-ayon ito sa kultura, etnisidad, at wika
- Patuloy na higitan pa ang kahusayan ng teknikal na tulong sa mga negosyo
- Patuloy na suportahan ang pamumuhan sa pagpapautang sa maliliit na negosyo

Tunguhin 3Bii: Suportahan ang pagpapaunlad at pagpapanatili ng masisiglang komersiyal na lugar sa mga komunidad na mababa ang kita

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan ang mga pagsusumikap sa pagpapaunlad sa lokal na ekonomiya na nakatuon sa muling pagpapasigla sa mga komersiyal na lugar
- Magkaroon ng higit na pamumuhunan sa harapan ng gusali at iba pang pagpapahusay para sa mga tenant

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Magkaroon ng highit na pamumuhunan sa mga proyektong kaugnay ng accessibility (pagkakaroon ng paraan na makapasok at makagamit sa mga gusali) at pagsunod sa batas
- Ipagpatuloy ang lapit na nakatuon sa kinaroroonan (geographically-focused approach) upang makapaghatid ng serbisyo sa paraan na ginagamit ang iba pang pamumuhunan ng Lungsod

Pangangailangang May Prayoridad 3C: Suportahan ang mga komprehensibong stratehiya na itinutulak ng komunidad

Tunguhin 3Ci: Suportahan ang mga pagsusumikap sa pagpapalano na nakabatay sa komunidad

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan at palawakin ang mga pangkulturang programa ng distrito sa mga aprubado ng Board (Lupon) na mga Distritong Pangkultura (Cultural District)
- Patuloy na suportahan ang mga proseso sa pagpapalano ng komunidad na nasasama-sama sa mga populasyong mababa ang kita, bulnerable, at hindi nabibigyan ng mga karapatan o pribilehiyo, at nang makabuluhang makalahok sa kanilang mga komunidad
- Palakasin ang mga stratehiya at gawain sa pagpapaunlad ng ekonomiya sa mga planong itinutulak ng komunidad

Tunguhin 3Cii: Suportahan ang pagpapalakas sa komunidad na isinasagawa sa lokal

Mga gawain:

- Patuloy na suportahan ang mga ugnayan o network ng mga organisasyong naka-base sa komunidad at iba pang mahahalgang may interes o stakeholder na nagkakaloob ng highit na koordinasyon at pakikipagkolaborasyon sa mga serbisyo, kapwa para sa mga komunidad at mga espesipikong populasyon
- Patuloy na suportahan ang mga programa ng pagbibigay ng grant (tulong pinansiyal) para sa pag-aksiyon ng komunidad, na nakabase rin sa komunidad

Pangangailangang May Prayoridad 3D: Suportahan ang mga pangangailangan sa kakayahan ng mga organisasyong naka-base sa komunidad at propesyonal na ka-partner ng MOHCD

Tunguhin 3Di: Palakasin pa ang kakayahan ng mga organisasyong naka-base sa komunidad

Mga gawain:

- Paghusayin pa ang kakayahang pang-organisasyon ng mga grantee (tumatanggap ng tulong)/tagabigay ng serbisyo ng MOHCD sa pamamagitan ng mga pagsasanay, pagtatrabaho nang pangkat-pangkat (co-hort based), mga eksperto sa paksa, at iba pang metodolohiya para a teknikal na pagtulong
- Bigyan ng prayoridad ang pagpapalakas sa mga organisasyong naka-base sa komunidad at mga developer na may kasaysayan ng paglilingkod sa mga populasyong mas hindi nakatatanggap ng mga serbisyo
- Suportahan ang mga kawani ng ahensiya sa pagsasanay sa kakayahan sa teknolohiyang digital

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

LAYUNIN 4: MAPATATAG ANG MGA KOMUNIDAD NA MAY PANGANIB NA MAWALAN NG MGA TIRAHAN AT ESPASYO

Pangangailangang May Prayoridad 4A: Tugunan ang hindi makatarungang epekto ng pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng mga hakbang na laban sa pagkawala mga tirahan at espasyo, na ginagawa para sa mga residente at negosyo

Tunguhin 4Ai: Magpatupad ng mga polisiya at programa na nagbibigay ng prayoridad sa mga kasalukuyang residente at negosyo

Mga gawain:

- Patuloy na pamahalaan ang mga programa para sa pagbibigay ng preperensiya sa lottery o palabunutan sa pabahay
- Habang ginagawan ng ebalwasyon at binabago ng MOHCD ang mga polisiya at patakaran para sa Programa para sa Pabahay na Bukas sa Lahat (Inclusionary Housing Program), at nang matugunan ang kasalukuyang mga pangangailangan, magrekomendada na naayon ditong mga pagbabago/pag-a-update sa Kodigo sa Pagpaplano (Planning Code) at kasunduan sa pagpapautang sa pagitan ng mga non-profit at developer
- Ipatupad ang polisiyang karapatang-bumalik (right-to-return) para sa muling pagpapaupa ng mga gusali kung saan nawalan ng tirahan o espasyo ang mga tenant
- Ipatupad ang mga batas ukol sa pagkakaroon ng Lungsod unang karapatan na bilhin ang mga gusali na may panganib na hindi na maging abot-kaya

Tunguhin 4Aii: Hikayatin ang mga komersiyal na tenant na makahanap ng mga espasyong nasa unang palapag ng mga development ng MOHCD para sa abot-kayang pabahay

Mga gawain:

- Makipagtrabaho sa OEWD upang magbigay ng pinansiyal na suporta sa mga komersiyal na tenant tungo sa pagpapaganda (build out o trabaho para makompleto ang konstruksiyon) sa mga espasyong nasa unang palapag
- Makipagtrabaho sa OEWD upang mailok ang mga oportunidad para sa komersiyal na espasyo sa non-profit

Tunguhin 4Aiii: CD: Bawasan ang pagkawala ng tirahan at espasyo sa mga residente at negosyo

Mga gawain:

- Gamitin ang subsidyo sa pag-upa upang mabawasan ang pagkawala ng tirahan at espasyo ng mga tenant
- Gamitin ang mga programang tulad ng Karapatan ng Umuupa na Magkaroon ng Abugado (Tenant Right to Counsel) at pagpapayo sa tenant upang masuportahan ang pananatili ng mga residente sa kani-kanilang mga tahanan
- Lumikha at magpatupad ng mga polisiya upang mabawasan ang negatibong epekto ng pagtataas ng upa.
- Palawakin ang mga programang dinisenyo upang mapanatili ang mga may-ari ng bahay sa mga komunidad na nakararanas ng namamanang hindi pagkakasali o legacy of exclusion.

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

- Makipagkoordinasyon sa iba pang departamento upang matiyak ang pangmatagalang pagpapanatili sa mga organisasyong naka-base sa komunidad
- Gamitin ang mga Pangkulturang Distrito (Cultural District) upang masuportahan ang mga polisiya para sa paglaban sa pagkawala ng tirahan at espasyo
- Magkaroon ng mas maraming paraang makakuha ng mga rekurso ang maliliit na negosyong nasa mga komunidad na mababa ang kita, at gustong manatili sa San Francisco

Pangangailangang May Prayoridad 4B: Tiyakin na naghahandog ang pang-ekonomiyang pag-unlad ng pakinabang sa naririyang mga komunidad

Tunguhin 4Bi: Itakda ang lokal na pag-eempleyo, hanggang sa pinakaposibleng magawa ito, sa mga proyekto at programa ng MOHCD

Mga gawain:

- Makipagkoordinasyon sa OEWD para sa kahandaan sa trabaho at pagbibigay ng trabaho sa mga proyekto para sa abot-kayang pabahay
- Patuloy na suportahan ang kahandaan sa trabaho at pagbibigay ng trabaho sa mga proyektong RAD at HOPE SF

Tunguhin 4Bii: Tiyakin ang sapat na serbisyo ng Lungsod sa mga komunidad kung saan matatagpuan ang abot-kayang pabahay ng MOHCD

Mga gawain:

- Makipagtrabaho sa mga ka-partner ng Lungsod tulad ng Ahensiya ng San Francisco para sa Municipal na Transportasyon (San Francisco Municipal Transportation Agency, SFMTA) sa mga usaping pantransportasyon.
- Makipagtrabaho sa mahahalagang departamento ng Lungsod upang matukoy ang mga pangangailangan at oportunidad para sa pagpapatupad ng mga serbisyo at pakikipagkoordinasyon

Tunguhin 4Biii: Ipatupad ang mga programa na nagkakaloob ng direktang pakinabang mula sa naka-base sa komunidad na pang-ekonomikong pag-unlad tungo sa mga lokal na komunidad

Mga gawain:

- I-target ang pagpapahusay ng amenities o mga nagugustuhan o malaki ang gamit na katangian, sa mga komunidad na naaapektuhan ng mas nagiging siksik na pabahay
- Gawan ng koordinasyon ang pagpoprograma ng Pangkulturang Distrito at ang iba pang inisyatiba para sa pagpapaunlad ng komunidad
- Patuloy na tumukoy ng mga paraan kung paanong makakauha ang naririyang mga negosyo at residente ng trabaho at kapital
- Makipagkolaborasyon sa iba pang departamento ng Lungsod upang makatukoy ng dagdag na mga paraan upang masuportahan ang lokal na maliliit na negosyo at mga negosyante

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

LAYUNIN 5: NAGTATRABAHO ANG LUNGSOD UPANG MATANGGAL ANG MGA DAHILAN NG HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY NANG DAHIL SA LAHI

Pangangailangang May Prayoridad 5A: Tiyakin na may katarungan sa pagkakapantay-pantay sa pagkakaroon ng mga programa at serbisyo, anuman ang lahi, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba pang departamento ng Lungsod

Tunguhin 5Ai: Paghusayin pa ang mga espesipikong pagpopondo, polisiya at gawain, at nang matiyak ang katarungan sa pagkakapantay-pantay na makagamit ng mga programa ng MOHCD at OEWD

Mga gawain:

- Repasuhin at gawan ng ebalwasyon ang mga gawain para sa pag-abot sa nakararami, kung saan tinitingnan ito mula sa pananaw ng pagkakaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi.
- Paghusayin pa ang pag-abot sa nakararami na nasa mga kapitbahayan at komunidad na may kasayasayan na hindi gaanong nakatatanggap ng mga serbisyo
- Gamitin ang pag-abot sa nakararami na may kaalaman sa kultura, at nang magkaroon ng higit na kamalayan tungkol sa makukuhang pabahay at rekurso para sa serbisyo
- Ipagpatuloy ang standardisasyon ng mga pamatayan para sa pagiging kuwalipikado sa pabahay at mga programa, at ibang polisiya, kung saan tinitingnan ito mula sa pananaw ng pagkakaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi.
- Bigyan ng ebalwasyon at paghusayin pa ang mga programa at serbisyo ng MOHC, upang matiyak ang mga pamamaraang makuha ito nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay
- Suriin ang mga pagitan sa pagkakaroon ng tagumpay sa pagbibigay ng tirahan sa iba't ibang demograpiya, at pagpasyahan ang kinakailangang interbensiyon upang makalikha ng mga pamamaraan upang makakuha ng mga rekurso sa abot-kayang pabahay, nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay
- Siyasatin ang mga opsyon upang mapalawak pa ang mga pakinabang sa programang Sertipiko na Nagbibigay ng Preperensiya (Certificate of Preference)
- Lakihan pa ang pondo at damihan pa ang mga serbisyo sa mga komunidad na pinakanaapektuhan ng namamanang hindi pagkakasali o legacy of exclusion
- Siyasatin pa at ipatupad ang mga pagsukat sa pagpapatupad ng katarungan sa pagkakapantay-pantay, anuman ang lahi, sa mga proseso ng procurement (pagkuha ng gamit o serbisyo), kasama na ang pamantayan sa pagpili ng MOHCD at OEWD RFQ/RFP
- Makipag-partner sa Komisyon sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Commission) upang maipatupad ang mga polisiya sa katarungan sa pagkakapantay-pantay, anuman ang lahi
- Ipatupad ang mga pagsasanay at sistema na may kaalaman ukol sa matitinding karanasan o trauma, at ginagawa sa kabuuan ng departamento, at nang masuportahan ang mas mahusay na serbisyo sa kostumer at pangangalaga sa sarili

Pangangailangang May Prayoridad 5B: Pagkikintal ng mga pinahalagahan o values at gawain para sa katarungan sa pagkakapantay, kung saan may kamalayan ukol sa matitinding karanasan o trauma, sa trabaho ng MOHCD at mga ka-partner nito

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

Tunguhin 5Bi: Ipagsama-sama ang kaalaman ukol sa kultura, mga sistemang may kamalayan ukol sa impormasyon tungkol sa matitinding karanasan o trauma, at iba pang pagsasanay at rekurso ukol sa katarungan sa pagkakapantay-pantay, para sa mga ka-partner ng MOHCD

Mga gawain:

- Bilang bahagi ng nariyan nang programa ng pagsasanay, lumikha at magpatupad ng pagsasanay ukol sa pagiging sensitibo sa kultura para sa grantee (nakakakuha ng tulong), developer, at mga ka-partner sa pagbibigay ng puwesto sa pabahay at property manager (tagapamahala ng mga gusali at ari-arian)
- Edukasyon para sa tagabigay ng pabahay at serbisyo para sa mga taong HIV+, at nang magkaroon ng higit na kaalaman ukol sa kultura at mabawasan ang pagkakaroon ng stigma o pagdungis sa pagkatao ng mga taong may HIV+

Tunguhin 5Bii: Isama ang mga prinsipyo ng katarungan sa pagkakapantay-pantay, ano man ang lahi, sa mga gawain ng MOHCD sa pag-eempleyo at promosyon

Mga gawain:

- Repasuhin ang mga gawain sa pag-eempleyo at promosyon ng MOHCD
- Ipatupad ang mga pagbabago upang mas masuportahan ang kapaligiran sa trabaho kung saan may pagkakaiba-iba o diversity, at mayroong pagsasama ng lahat o inclusion

Tunguhin 5Biii: Ipatupad sa kabuuan ng MOHCD ang mga pinahahalagahan o values at lapit kung saan may katarungan sa pagkakapantay-pantay, anuman ang lahi, at may impormasyon tungkol sa matitinding karanasan o trauma

Mga gawain:

- Bumuo at magpatupad para sa MOHCD ng plano para sa katarungan sa pagkakapantay-pantay, anuman ang lahi (racial equity plan)
- Magsagawa ng pagsusuri ng mga internal na polisiya ng MOHCD kaugnay ng katarungan sa pagkakapantay-pantay, anuman ang lahi
- Patuloy na ipaabot ang mga pinahahalagahan o values sa panlabas na komunidad o mga may interes o stakeholder
- Patuloy na pagpulongin ang Pangkat na Nagtatrabaho para sa Katarungan sa Pagkakapantay-pantay Anuman ang Lahi (Racial Equity Work Group), upang mabuo at maipatupad ang plano para sa katarungan sa pagkakapantay-pantay, anuman ang lahi
- Lumikha ng nagtatrabahong pangkat (work group) na may kaalaman ukol sa matitinding karanasan o trauma para masuportahan ang pagpapatupad ng mga gawain sa paghilom

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

Glossary o Talasalitaan ng mga Termino

Mga Termino o Katawagan:

ADA (Americans with Disability Act o Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan) – batas tungkol sa mga karapatang sibil, na pinagtibay noong 1990, at nagbabawal sa diskriminasyon batay sa kapansanan; ginagamit sa kontekstong ito upang tukuyin ang unit na may espesyal na katangian para sa pagkilos at pakikipagkomunikasyon

AMI (Area Median Income o Panggitnang Kita sa Lugar) – ang panggitnang kita ng kabahayan para sa isang natukoy na lugar sa lungsod (kalahati sa mga kabahayan ang kumikita ng mas mataas at kalahati ang kumikita ng mas mababa). Inilalathala ang AMI para sa mga laki ng kabahayan na isa hanggang siyam na tao

Sertipiko na Nagbibigay ng Preperensiya (Certificate of Preference) – pagbibigay ng preperensiya sa lottery o palabunutan para sa pabahay sa mga taong nawalan ng tirahan nang dahil sa mga espesipikong aksiyon ng dating Ahensiya ng San Francisco para sa Redevelopment (San Francisco Redevelopment Agency) noong mga dekada ng 1960 hanggang 1980

Coordinated Entry (proseso kung saan tinitiyak na agad na natutulungan at nakokonekta ang mga taong humaharap sa krisis sa tirahan)– sentralisadong sistema ng pagtatasa at pagbibigay ng prayoridad para sa pagbibigay ng mga rekurso para sa kawalan ng tahanan

Pangkulturang Distrito (Cultural District) - programa ng Lungsod na may mga lugar batay sa komunidad, sa intensiyon na ipagdiwang at palakasin ang natatanging mga pangkulturang identidad ng San Francisco, at upang magkaroon ng koordinasyon sa mga rekurso, at sa gayon, matulungang maging matatag ang bulnerable o higit na may pangangailangan

DAHLIA (Database of Affordable Housing Listings, Information and Application o Imbakan ng Datos Tungkol sa mga Listahan, Impormasyon at Aplikasyon para sa Abot-kayang Pabahay) – online na kagamitan upang matulungan ang mga kabahayan na makahanap ng abot-kayang pabahay at makapag-aplay para dito

DALP (Down Payment Assistance Loan Program o Programa ng Pagpapautang Bilang Tulong sa Downpayment o Paunang Bayad) – programa para sa pag-utang ng down payment, na tumutulong sa mga kabahayan na makapagbigay ng bid o alok na halaga sa ari-arian sa loob ng bukas na merkado

Kasunduan sa mga Development (Development Agreements) – mga kontratang pinapasok ng Lungsod at County ng San Francisco at ng developer, kung saan binibigyang-depinisyon ang mga patakaran, regulasyon, pananagutan, at polisiya para sa espesipikong tagal ng panahon

HOA (Home Owners Association o Samahan ng mga May-ari ng Tahanan) – organisasyon ng mga may-ari ng tahanan o homeowner ng development para sa bahay, na ang layunin ay mapanatili, gawing laging nasa maayos na kondisyon, at pagandahin pa ang mga tahanan at ang halaga ng mga ito

HOPE SF – Inisyatiba na naglalayong baguhin ang apat na pinakagipit na lugar para sa pampublikong pabahay (Hunters View, Alice Griffith, Sunnysdale-Velasco at Potrero Terrace at Annex) tungo sa pagiging masisigla at mauunlad na komunidad sa pamamagitan ng holistikong pagbibigay ng bagong buhay

HOPWA (Housing Opportunity for People With AIDS o Oportunidad sa Pabahay para sa mga Taong may AIDS) – pederal na programa na tumutulong sa mga taong nabubuhay nang may HIV/AIDS upang makakuha at makapagpanatili ng pabahay sa pamamagitan ng mga subsidyo sa pag-upa at iba pang suporta sa pabahay

2020-2024 MGA STRATEHIYA PARA SA PINAGSAMANG PLANO (CONSOLIDATED PLAN STRATEGIES)

Inclusionary o Bukas sa Lahat (Programa sa Pabahay) – programa ng Lungsod na nagtatakda sa mga developer ng pabahay na market-rate (may presyo ng merkado) na magkaloob ng mga unit ng abot-kayang pabahay, ayon sa itinatakda ng Seksiyon 415 ng Kodigo sa Pagpapalano (Planning Code) ng San Francisco

Lokal na Pag-eempleyo (Local Hire) – polisiya ng San Francisco na nagtataguyod ng pagbibigay ng trabaho sa mga lokal na residente para sa mga proyekto sa konstruksiyon na lokal na itinataguyod

Programa para sa mga Lokal na Ipinatutupad na Subsidyo (Local Operating Subsidy Program) – programa ng San Francisco para sa subsidyo, na dinisenyo upang matugunan ang mga puwang sa pagitan ng upa na kayang bayaran ng mga residenteng dating homeless at ang gastos upang mapatakbo ang pabahay para sa mga taong homeless

Programa na Sertipiko para sa Pagbabawas sa Buwis Batay sa Utang sa Bahay (Mortgage Credit Certificate Program) – programa ng Ahensiya ng California para sa Pagpipinansiya ng Pabahay (California Housing Finance Agency) na nagpapahintulot sa mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon at may mababa hanggang katamtamang kita na baguhin ang bahagi ng kanilang bayad sa interes sa mortgage (utang sa bahay) tungo sa tax credit (bawas sa buwis)

PBV (Project-based Voucher o pinansiyal na tulong para sa mga espesipikong pribadong gusali lamang)) – sibsido sa upa mula sa Awtoridad sa Pabahay (Housing Authority) na nakakabit sa mga partikular na unit, at hindi sa tenant o umuupa

Plus Housing – ang pangunahing programa ng MOHCD na nagbibigay ng ma unit sa pabahay at subsidyo sa mga kabahayang may HIV+

RAD (Rental Assistance Demonstration o programang binibigyang awtorisas ang paglilipat ng anyo ng pederal na pondo)) – inisyatiba sa rehabilitasyon at transisyon ng mga ari-ariang par sa pampublikong pabahay tungo sa mga ari-arian na para sa may Seksiyon 9 na project-based voucher

RFQ (Request for Qualifications o Kahilingan para sa mga Kuwalipikasyon)/RFP (Request for Proposal o Kahilingan para sa mga Mungkahi) – dalawang karaniwang uri ng paraan na ginagamit ng pampublikong sektor upang makakuha ng mga nagbebenta (vendor) o ahensiya upang mag-bid o mag-alok ng halaga para sa mga serbisyo o magbigay ng mungkahi para sa mga serbisyo

SRO (Single Room Occupancy o (mga paupahang kuwarto sa isang gusali)) – uri ng unit sa pabahay na karaniwan nang magkasalo ang paggamit ng ilang pasilidad tulad ng banyo at kusina sa pagitan ng mga unit

Karapatan ng Umuupa na Magkaroon ng Abugado (Tenant Right to Counsel)– inisyatibang inaprubahan ng mga botante kung saan nagkaloob ng buong legal na representasyon sa mga kabahayang humaharap ng pagpapaalis sa tirahan